# Si Jesucristo at ang Ating Pagsisisi

Sinabi ni Elder Lynn G. Robbins ng Pitumpu:



Wala nang higit na panig sa atin kaysa sa Tagapagligtas. . . .

. . . Ang pagsisisi ay hindi Niya alternatibong plano sakali mang mabigo tayo. Pagsisisi *ang* Kanyang plano, batid na gagawin natin ito. (Lynn G. Robbins, “Hanggang sa Makapitongpung Pito,”*Liahona*, Mayo 2018, 22)

Nagpatotoo si Pangulong Russell M. Nelson:



Tulad sa lahat ng bagay, si Jesucristo ang ating dakilang huwaran, “na Siya dahil sa kagalakang inilagay sa harapan niya ay nagtiis ng krus” [Sa Mga Hebreo 12:2]. Isipin ninyo iyan! Para mapagtiisan Niya ang pinakamatinding karanasang tiniis sa lupa, nagtuon ang ating Tagapagligtas sa *kagalakan*!

At ano ang kagalakang inilagay sa harapan Niya? Tiyak na kabilang dito ang kagalakang linisin, pagalingin, at palakasin tayo; ang kagalakang pagbayaran ang mga kasalanan ng lahat ng magsisisi; ang kagalakang gawing posible na makabalik tayo—nang malinis at karapat-dapat—sa piling ng ating mga Magulang sa Langit at ng ating pamilya. (Russell M. Nelson, “Kagalakan at Espirituwal na Kaligtasan,” *Liahona*, Nob. 2016, 83)

# Si Jesucristo at ang Ating Pagsisisi

Sinabi ni Elder Lynn G. Robbins ng Pitumpu:



Wala nang higit na panig sa atin kaysa sa Tagapagligtas. . . .

. . . Ang pagsisisi ay hindi Niya alternatibong plano sakali mang mabigo tayo. Pagsisisi *ang* Kanyang plano, batid na gagawin natin ito. (Lynn G. Robbins, “Hanggang sa Makapitongpung Pito,”*Liahona*, Mayo 2018, 22)

Nagpatotoo si Pangulong Russell M. Nelson:



Tulad sa lahat ng bagay, si Jesucristo ang ating dakilang huwaran, “na Siya dahil sa kagalakang inilagay sa harapan niya ay nagtiis ng krus” [Sa Mga Hebreo 12:2]. Isipin ninyo iyan! Para mapagtiisan Niya ang pinakamatinding karanasang tiniis sa lupa, nagtuon ang ating Tagapagligtas sa *kagalakan*!

At ano ang kagalakang inilagay sa harapan Niya? Tiyak na kabilang dito ang kagalakang linisin, pagalingin, at palakasin tayo; ang kagalakang pagbayaran ang mga kasalanan ng lahat ng magsisisi; ang kagalakang gawing posible na makabalik tayo—nang malinis at karapat-dapat—sa piling ng ating mga Magulang sa Langit at ng ating pamilya. (Russell M. Nelson, “Kagalakan at Espirituwal na Kaligtasan,” *Liahona*, Nob. 2016, 83)

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2023 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_102-1